# Prologue

Dumilat ang mga mata kong maga sa pag-iyak. Ramdam ko ang kabigatan ng mga ito sanhi ng pagod. Sa aking pagdilat, nakita ko ang paligid na nababalot sa kadiliman.

"Nasaan ako?" ang tanong na unang pumasok sa isip ko. Nataranta ako bigla.

Nilibot ko ng tingin ang paligid, pero kahit anong pagdilat ang gawin ko, wala akong makita. Bulag na ba ako o sadyang madilim lang?

Bukod sa masikip ang lugar na kinalalagyan ko ngayon, mainit dito at mabaho.

Huminga ako. Ah! Hindi ko kinaya ang paghinga! Ano ba 'yung amoy na iyon?

Nakasusulasok! Tinakpan ko ang ilong ko gamit ang aking mahina at nanlalatang kamay, pero tagos pa rin ang mabahong amoy. Amoy bulok!

May katabi ba akong bangkay? Ganito nga ba ang amoy ng bulok na katawan? Hindi ko rin alam. Pero paano kung may katabi nga ako? Paano kung nandito pala *siya*?

Hinanap ng mga kamay ko ang pader para makapitan ko sa aking pagtayo. Kinapa-kapa ko ito. May nakapa akong di ko nagustuhan! Hindi ko alam kung ano itong dumikit sa mga kamay ko, pero may naramdaman akong kakaiba. Basa! Nakaramdam ako ng pandidiri. Dugo ba ito? Dugo ba *niya* ito? Pinahid ko iyon agad sa aking gula-gulanit na damit.

Sinubukan kong tumayo, kaso hindi ako makabangon. Masakit ang mga binti ko. Masakit ang ulo ko. Masakit ang mga kalamnan ko.

“Bangon, Bianca!” sabi ko sa sarili. “Galaw! Galaw!”

Paunti-unti, nagawa kong makatayo nang hindi humahawak sa pader, kundi gamit lang ang aking mga paa, binti, katawan, at lakas.

Naiiyak ako! Naiiyak ako sa nangyayari sa akin ngayon. Nasaan na ba ako? Anong lugar nga ba ito? Mamamatay na ba ako sa lugar na ito? Mamamatay na yata ako.

Mayamaya ay may ingay akong narinig.

May kumakaluskos. May tao!

Tumingala ako. Sumigla ang puso ko sapagkat may naaninag akong kakarampot na liwanag na parang liwanag na gawa ng apoy o kandila. Kung anuman iyon, hindi ko alam.

May napansin din ako. May butas pala sa itaas ko, pabilog. Nasa isang hukay ba ako? Isa ba itong malalim na hukay para maging libingan ko?

Kung anong sigla ko ay gayundin naman ang pagkagulat ko nang may kumalabog! Kitang-kita ko na sa tiningalaan ko ay may nahulog mula sa taas! May tao! Nahulog dito sa lugar kung nasaan man ako ngayon!

Nanatili akong tahimik sa lugar na kinatatayuan ko. Hindi ako gumalaw. Ni ang paghinga ko ay pinigil ko para hindi ako gumawa ng ingay. Sino ang taong ito? Masamang tao rin ba siya gaya ng taong nagdala sa akin dito?

“Hayop ka!” narinig kong sabi ng taong nahulog, isang lalaki. Mahina ang pagkakasabi niya na kalaunan ay lumakas. “Hayop! Hayop!” sigaw niya.

Nawala ang liwanag. Nawala rin ang ingay at mga kaluskos na kanina ay rinig ko bago bumagsak ang lalaki. “Walang hiya!” sigaw muli ng lalaki, at naglaho na nang tuluyan ang liwanag.

Kilala ko ang boses na iyon. Si… si…

“Mamatay ka na! Mamatay ka na ngayon!” patuloy na pagsumpa ng lalaki.

Humikbi ako. Naging dahilan iyon para mapukaw ang atensyon ng lalaki.

“Sino’ng nandiyan?” tanong niya.

“A-a-ako,” tugon ko. Tuluyan na akong napaiyak.

“Bianca?” untag ng lalaki. “Bianca, ikaw ba iyan?”

“Oo, ako ito.”

Hanggang sa naramdaman ko ang kanyang mga braso. Sa kabila ng kadiliman ay nahanap niya ako. Niyakap niya ako.

“Masaya ako. Akala ko hindi na kita makikita,” anang lalaki. Humigpit ang yakap niya sa akin.

Tumahan ako saglit. “Huwag ka munang magsaya,” sabi ko sa kanya. Abut-abot ang takot ko dahil alam ko ang plano ng taong nagdala sa amin dito. “Huwag kang magsaya… dahil panigurado, papatayin niya tayo. Papatayin niya tayo… mamaya!”

# 1

"So... may ka-date ka na ba sa Valentine's?" Sandaang beses na yatang itinanong sa akin ng makulit na si Jude ang tanong na iyon. Ilang beses ko na ring sinagot iyon nang paulit-ulit.

"Paulit-ulit, Jude? Wala nga!" naiiritang tugon ko. Inirapan ko siya. Napansin niya iyon, pero nagpatuloy pa rin siya sa pangungulit.

"Bakit wala?" Inirapan ko uli siya. Sandaang beses na rin niyang ginawang follow-up question ang tanong na iyon.

"Kasi nga wala akong boyfriend!"

Kahit na ilang beses nang pinauulit-ulit ni Jude ang tanong na iyon, hindi siya nakukuntento.

"Okay. Gusto ko lang i-confirm dahil may irereto ako sa 'yo."

"Jusme, Jude. Ilang beses mo bang dapat i-confirm? Sanlibo?"

"Isang milyon!"

Natawa ako. "Hay naku! Reto mo mukha mo!" tugon ko saka inihampas ang hawak na libro sa ulo niya.

Napaaray si Jude. "Ikaw talaga napaka-KJ mo! Ikaw rin, tatanda kang dalaga niyan. Tatanda kang walang nagmamahal sa 'yo!"

Binelatan ko siya. "Whatever! Wala akong pakialam." Kahit college na kami, para pa rin kaming bata kung magbiruan at magkulitan.

"Pogi 'yun," pang-eengganyo niya, habang may napakagandang ngiti.

Akala naman niya kakagat ako.

"Wala akong paki!" pagtataray ko. Umirap ako.

"Mayaman."

"Who cares? Please lang, Jude. Tama na! Hindi ko type 'yang irereto mo."

"Ay, teka! Ayun na pala siya!" Itinuro ni Jude ang direksyon.

Tumayo siya mula sa kinauupuan niya at umalis sa puwesto.

Huh, akala naman niya pauuto ako sa kanya! If I know, iyong pinsan niyang patay na patay sa akin ang sinasabi niyang irereto niya! Pareho talaga sila noon; parehong makulit!

Sinundan ko siya ng tingin at nagtaka nang may lapitan siyang isang lalaki di-kalayuan sa upuang nilalagian namin sa university grounds.

Sino kaya iyon?

Matangkad ang lalaki, maputi, guwapo. Mula sa distansya kung nasaan ako, kita ko ang matangos niyang ilong. Matipuno at maganda ang pangangatawan nito. Tumingin ang lalaki sa akin, tapos ay ngumiti.

Iyon ba ang irereto niya?! Shocks! In fairness, *yummy* siya! Ang guwapo nga!

"Oh my..." sabi ko.

Nag-ayos ako ng buhok nang makita kong papalapit sa direksyon ko ang lalaki. Papalapit na rin si Jude!

*Okay din naman pala 'yung irereto niya*, naisip ko. Nagri-rehearse na ako ng lines sa isip ko kung ano ang sasabihin ko sa lalaking pogi dahil mukhang dito talaga sila papunta!

Ayan na ang lalaki. Malapit na malapit na siya!

"Nice meeting—"

Pero hindi. Hindi siya tumigil sa puwesto ko. Nilagpasan niya ako at nagdere-derecho ng lakad.

"Pssss..." na lang ang nasabi ko nang makalapit si Jude.

"O bakit?" tanong nito nang makitang nakabusangot ako.

“Wala!” pagalit na sagot ko.

“Uyyy… Akala niya ’yun ’yung irereto ko sa kanya!” panunukso niya.

“Shut up, Jude!” maktol ko, pero di ako nakatiis at nagtanong ako, “Sino ba iyon?” Tila naging interesado ako sa isang iglap.

Tatawa-tawa si Jude habang napapailing. “Si Zach ’yun. Kaklase ko this semester. Transferee galing sa ibang university. Nakita ko kasi na tinatawag niya ako. ’Yun pala, magtatanong kung nasaan ang library.”

Oo nga pala. Banda rito iyong daan papunta sa library. *Hay, Bianca, assuming ka rin eh ’no?*

“Close kayo?”

“Oo. Katabi ko ’yun eh!”

“Bakit siya lumipat?” Hindi na nasagot ni Jude ang tanong ko dahil bigla na lang akong napasigaw sa gulat nang maramdamang may kumiliti sa magkabilang tagiliran ko. Narinig ko na lang na tumatawa si Jude at ang bagong dating.

“Leche ka talaga, Jomari!” Iritang-irita ako nang makita ko siya. Sabi ko na nga ba, siya ang kumiliti sa akin! Ayoko pa naman kapag ginagawa niya iyon.

“I love you, too, Bianca!” pahayag niyang tila nang-aasar pa. Leche siya! Asar!

Pakunwaring umubo-ubo si Jude tapos ay nagsalita nang malumanay, “Bianca, si

Jomari, pinsan ko. Jomari, si Bianca, ang napakaganda kong kaibigan," pagpapakilala sa amin ni Jude sa isa't isa. Para namang hindi kami magkakilala ng buwisit.

Inalok ni Jomari ang kanang kamay niya sa akin para makipagkamay. Parang sira! Sinakyan ko naman ang ginagawa niya. Inilapat ko ang kamay ko sa kamay niya bilang tugon. Di nagtagal ay hinatak ko iyon at kinagat! Haha! Gumanti lang ako dahil madalas niya ring gawin sa akin iyon.

"Aray! Aray! Aray!" naiiyak niyang sambit. Mukhang napadiin ang pagkagat ko kaya namilipit siya sa sakit.

"Ano? Kikilitiin mo pa 'ko?" tanong ko habang pinanlalakihan siya ng mata.

"Hindi na!" naiiyak na sagot niya.

"I love you, Jomari," sabi ko sa kanyang ngingiti-ngiti. Tiningnan niya ako nang masama.

Nang mag-uwian, magkakasabay kaming umuwi gaya ng madalas naming ginagawa. Di pa kami nakalalayo nang mapahinto si Jude kasi may tumawag sa kanya mula sa likuran. Nang lingunin ko iyon, nakita ko si Zach. Patakbo itong lumapit sa amin.

"Puwedeng sumabay sa inyo hanggang sakayan?" tanong nito. Nagkatinginan kami ni Jomari dahil hindi kami sanay na may nakikisabay na "stranger."

"Sure!" agarang tugon ni Jude. Bumaling siya sa amin at ipinakilala ang bagong dating. "Ah, si Zach pala, classmate ko." Ngumiti ang huli. Ang CUTE niya! "Si Jomari, pinsan ko." Nakipagkamay si Jomari kay Zach. "Si Bianca, childhood friend namin."

Nang kamayan ko si Zach, kinilabutan ako bigla. Tiningnan ko ang mga mata niya at habang nakatitig ako sa magagandang matang iyon, para akong nahi-hypnotize.

Nagulat na lang ako nang hawiin ni Jomari ang kamay ni Zach, dahilan para maghiwalay ang mga kamay namin. "Sorry, p're, seloso ako eh," sabi niya.

Natahimik na lang ako nang hawakan ni Jomari ang kamay ko.

"Girlfriend mo?" tanong ni Zach kay Jomari.

"Malapit na," turan ni Jomari.

Siniko ko siya. Bumitiw ako sa pagkakahawak niya sa kamay ko. Tapos, naglakad na kami.

Nang makarating sa sakayan ng jeep, humiwalay na si Zach sa amin dahil ibang ruta ang sasakyan niya. Bumiyahe na rin kami sakay ng jeep. Magkatabi kami ni Jomari, katapat namin si Jude. Paharap sa driver, nasa kanan ang puwesto namin samantalang si Jude ay sa kaliwa. Habang nasa jeep, nagpahayag si Jomari ng saloobin.

“Hindi ko gustong tumingin ’yung kaibigan mo,” sabi niya kay Jude. “Saka kung makatingin siya kay Bianca... parang kakaiba!” patuloy niya.

“Ikaw naman, minsan lang may humanga kay Bianca, eh!” sagot ni Jude.

“Ano’ng sinasabi mo riyan?” iritang tanong ko kay Jude.

“Crush ka noon, eh!” sabi ni Jude.

“Tumigil ka nga!” saway ko.

Tumingin ako sa bintana nang huminto ang jeep dahil sa traffic. May nakita ako mula sa labas ng bintana na lubusang ipinagtaka ko. Sa gilid ng kalye, sa may bangketa, may babaeng nakatingin sa akin. Maganda siya, morena, mahaba ang buhok, may mga matang nangungusap. Bumubuka ang bibig niya. Mayroon siyang sinasabi, pero hindi ko maintindihan. Ako ba ang kausap niya?

Nilingon ko si Jude. Nakadungaw siya sa kabilang bintana. Binalikan ko ng tingin ang babae, wala na siya.

May humawak bigla sa balikat ko. Nagulat ako at napalingon. Si Jomari lang pala.

“Bakit?” tanong ko.

“Inaantok ako.”

“Eh di matulog ka!”

“Pahiga sa balikat mo.”

“Daming arte!” Magkagayunman, hinayaan ko lang siyang umunan sa balikat ko.

# 2

Cellphone alarm ang gumising sa akin kinaumagahan, at gaya ng madalas na ginagawa ko, tumawad ako sa alarm.

"Five minutes," sabi ko. Nahihirapan pa akong idilat ang mga mata ko kaya bumalik ako sa pagpikit. Di pa man din lumalalim ang tulog ko, may tumawag na sa cell phone ko. Kinuha ko iyon. "Hello," matamlay na sagot ko dahil inaantok pa ako.

"S'ilip ka sa bintana. May ipapakita ako sa 'yo, dali!" masiglang sabi ni Jude.

Na-curious ako kaya bumangon ako sa higaan at sumilip sa bintana ng kuwarto kong nasa ikalawang palapag. Nakita ko si Jude sa ibaba. Sa tapat ng bahay namin ay ang

malaking bahay na pamana kina Jude ng lolo't lola nila. Doon din sa bahay na iyon nakatira sina Jomari.

Nakita ko si Jude na may winawagayway.

"Ano iyan?" pasigaw na tanong ko.

"L'abas ka!"

Napakamot ako sa ulo, pero bumaba rin pagkatapos. Nang malapitan ko na si Jude, inulit ko ang tanong ko.

"Ano iyan?"

"Tadaaaa!" At itinapat niya sa mukha ko ang hawak niya.

Binasa ko ang nakasulat, "Happy Valentine's Day." Napataas ako ng kilay. "Anong kalokohan ito, Jude?"

"Nakita ko ito sa study table ni Jomari kanina. Ginagawa niya kagabi. Tulog pa siya kaya kinuha ko," masayang anang kaibigan, tila kinikilig.

Tinaasan ko siya ng kilay kasunod ng pagtatanong ng, "Inabala mo ako para lang sa Valentine's card na gawa ni Jom?"

"Ikaw talaga, Bianca! Ang sungit-sungit mo! Meron ka ba ngayon?"

"Inaantok pa kasi ako 'no!"

"Para sa 'yo ito. Tingnan mo, tingnan mo!"

Pilit na ibinigay sa akin ni Jude ang Valentine's card para tingnan ko. Hindi pa iyon nasusulatan, pero mukhang pinaghirapan ang disenyo.

"He loves you, Bianca," sabi ni Jude nang ibalik ko sa kanya ang card. "So ano... papayag ka na bang makipag-date kay Jomari? Magse-set ako ng date para sa inyo."

"Matchmaker ka na ba, Jude? Kung gusto akong maka-date ni Jomari, siya dapat ang magyaya sa akin."

"Eh kasi... torpe kasi iyon e," dahilan ng kausap ko.

Nagmatigas ako, "Puwes, hindi ko na problema iyon! At huwag siyang babagal-bagal dahil sumumpa ako sa sarili kong kung sinuman ang unang magyaya sa akin, iyon ang ide-date ko!"

Sa tinagal ng buhay ko rito sa planet Earth, wala pa talagang nagkamaling magyaya sa aking makipag-date, kaya ganoon ang ipinangako ko sa sarili ko. Wala rin naman kasing ibang nirereto sa 'kin 'yung mga kamag-anak ko kundi si Jomari.

Nagpaalam na ako kay Jude, "O siya, maliligo na ako. Kita-kits na lang mamaya." Iniwan ko na siya para maghanda sa pagpasok.

Sinundo ako ng magpinsan sa bahay bandang alas siete ng umaga. Habang bumibiyahe kami, dumale na naman sa pag-iingay ang magpinsan at nagkuwentuhan ng kung anu-ano. Hindi naman ako maka-relate dahil puro tungkol sa *FHM* ang pinag-uusapan. Inilabas ko na lang ang cellphone ko para may

pagkaabalahan.

May nakita akong two new messages.

*Hi, Bianca! Can we be friends?* sabi sa naunang message.

*Zach nga pala,* sabi sa pangalawa.

Nagulat ako.

Tinanong ko agad si Jude, “Jude, may pinagbigyan ka ba ng number ko?”

“Huh? Wala,” sagot nito. Natigil na ang kuwentuhan nila.

“Sino’ng nag-text sa ’yo?” usisa ni Jomari.

“Hindi ko alam. Number lang. Binura ko na,” pagsisinungaling ko. Itinago ko na iyon sa bag.

Nang makarating kami sa university, humiwalay na sa amin si Jude. Sabay naman kaming naglakad ni Jomari papunta sa klase namin.

Naging abala kami ni Jomari sa klase kaya nawala na sa isip ko ’yung nag-text sa akin. Naalala ko na lang na may gusto nga palang makipagkaibigan sa akin nang mag-text uli si Zach noong lunch time. Nasa canteen kami ni Jomari at naghihintay sa pagdating ni Jude.

*Busy?* text niya.

Sumagot na ako: *Hi, Zach. Bianca here. Sorry po busy kc kanina.*

*It’s okay. I can see you from here, Bianca.*

Nakikita raw niya ako, pero hindi ko naman alam kung nasaan siya.

*Hehe! Wer k?* reply ko.

*Not so far.*

Pagka-text niya, nakita ko na lamang na papalapit si Jude sa kinauupuan namin kasama si Zach! Agad kong itinago ang cellphone ko.

“Hi, guys!” bati ni Jude sa amin ni Jomari nang lumapit sila sa puwesto kung nasaan kami. “Remember Zach? ’Yung kasabay natin kahapon?”

“Oo, paano ko naman ba siya makakalimutan?” sabi ni Jomari na tila may laman ang sinasabi. Alam ko na kung bakit. Hindi siya mapalagay kasi iba raw ang tingin ni Zach sa akin. Nagseselos?

Nakipagkamay pa rin si Jomari kay Zach kahit na ganoon. Sa isip-isip ko, “Plastic talaga nito.”

Iniabot ni Zach ang kamay niya sa akin, bagay na hindi ko inaasahan. Sa una ay tinitigan ko lang iyon, pero dahil nagsabi siya ng, “Don’t worry, Bianca. Bagong hugas ako ng kamay,” nakipagkamay na ako.

At nandoon na naman ang pakiramdam na iyon. Parang may kakaiba kay Zach. At kung titigan niya ako, masyadong malaman. Ito bang naramdaman ko ay iyong tinatawag nilang “spark” o sadyang naiilang ako?

Binitawan ko agad ang kamay niya.

Sinaluhan na nila kami sa mesa.

“Libre ko na kayo,” alok ni Zach.

"Eh di ikaw na mayaman!" natatawang sabi ni Jude.

"Ano ba'ng gusto ninyo? Chicken? Beef?" untag pa ni Zach sa amin.

"Dalawang meatballs sa amin ni Jomari," sagot ko.

"You know what? Favorite ko iyon, Bianca," sabi ni Zach.

"Ah, talaga?" na lang ang nasabi ko. Nginitian ko siya. Umalis na sila ni Jude para umorder ng pagkain.

"Huh! Tingnan mo iyon? Nagpapa-impress talaga sa 'yo eh!" naiinis na singhal ni Jomari.

Nang makakain kami ng lunch, nagpaalam ako na pupunta muna ako sa CR. Habang naglalakad, iniisip ko si Zach. Hindi! Hindi ko siya crush o ano. Talagang hindi lang ako komportable kapag nandiyan siya. O baka naninibago lang ako kasi sa tinagal na magkakasama kami nina Jomari at Jude, hindi ako sanay na may iba na kaming kasabay ngayon.

Papasok na ako sa CR nang biglang may humawak sa braso ko na labis kong ikinagulat. Pagtingin ko, si Zach pala.

"Zach, ano ka ba? Huwag ka namang nanggugulat!" asik ko.

"Sorry kung nagulat kita. I didn't mean to," paumanhin niya.

Hindi ako makaalis sa kinatatayuan dahil

nakahawak pa rin siya sa braso ko. Ano ba ito? Kahit guwapo siya, parang natatakot na ako sa kanya!

"Zach, okay lang kung bitiwan mo ako?"

"Bianca, men's CR itong papasukan mo," sabi niya.

Tiningnan ko ang signage. Napatanga na lang ako sa kinatatayuan nang ma-realize na papasok nga ako sa CR ng mga lalaki.

"Crazy me!" natatawang bulalas ko. "Dito pala ako sa kabila."

Kaya pala hindi niya ako binibitawan. Kung nagkataon, baka napahiya pa ako!

*Hay Bianca! Bakit ba kasi ganyan ang iniisip mo kay Zach?*

Pumunta na ako sa kabilang CR.

Nang naghuhugas na ako ng kamay, nakakita ako ng tabloid na nakapatong malapit sa lababo. Hindi ko sana papansinin, pero parang may kung ano sa loob kong nagsabing dapat ko itong tingnan. Kinuha ko iyon at binasa ang headline. Kapansin-pansin ang larawan ng isang babaeng tila pamilyar sa akin.

*Nasaan si Star?* basa ko sa headline.

Nagulat na lang ako nang mamukhaan ko kung sino ang tinutukoy na "Star" sa tabloid! Maganda siya, morena, mahaba ang buhok. Ang maamong mukhang iyon at magagandang mata... paano ko naman ba makalilimutan?

"'Yung babae kahapon..." sabi ko sa sarili.

# 3

'Yung babae kahapon, Star Sebastian pala ang pangalan niya. Sa pagbabasa sa diyaryo, nalaman kong naging modelo pala siya ng *FHM* at kasalukuyang vocalist ng isang banda. Nalaman ko ring tatlong buwan na pala siyang nawawala. Ang dahilan? Walang nakaaalam. Ang huli niyang kasama? Hindi rin nasabi.

Nawawala si Star. Pero bakit nakita ko siya kahapon? Ano nga ba iyong nakita ko? Guni-guni ba? Multo? O baka siya talaga iyon?

Chineck ko ang diyaryo at nakitang kahapon lang iyon inilabas.

Lumabas na ako sa CR tangan ang diyaryo. Paglabas ko, nakita ko si Zach.

“Akala ko na-flush ka na sa loob eh!” biro niya.

Naglakas-loob akong magtanong sa kanya, pero pabiro lang, “Bakit ka nandito? Hinihintay mo ako, ano?”

Tumango siya. Ano iyon, nakiki-ride?

“Ah, Bianca. May gusto sana akong ipakiusap sa ’yo,” aniya.

“Hmm… Ano iyon?” Napaisip ako bigla.

“If you don’t mind, I want to give you this.” May kinuha siya sa loob ng pitaka niya at inabot sa akin.

“Ticket?” Ticket iyon ng isang bar na malapit sa university, yung *Old School*. Tambayan iyon ng mga estudyante, lalo na iyong mayayaman.

“May gig kasi kami mamayang gabi. Kung wala kang gagawin, baka puwede kang pumunta?” pakiusap ni Zach.

“Member ka pala ng banda.”

“Vocalist ako,” sabi niya.

Ikinamangha ko iyon. Guwapo na, magaling pang kumanta! *Ikaw na talented, Zach!*

Tinanong ko kung ano ang pangalan ng banda nila.

“*Dead Star*,” sagot niya. “Actually, hindi ’yun ang original name ng band. Since the former vocalist has been missing, we changed the name according to her will at nagkaroon din kami ng other adjustments. Like ako,

kumakanta na rin ako dati pero backup lang. Kaso ngayon, ako na 'yung lead. Ayaw naman naming buwagin ang group kaya nag-adjust na lang kami."

"Nasaan na 'yung vocalist ninyo?" tanong ko.

Napailing si Zach, napabuntong-hininga, halatang nalungkot at nanghinayang. "Bigla na lang siyang nawala. No trace."

"At pinalitan ninyo ang name ng band dahil sa pagkawala niya? S'abi mo kanina, according to her will?"

Isang misteryo... Gusto ko ang mga ganitong kuwento.

"Nagbilin siya sa amin noon. Sabi niya, isang araw magugulat na lang kami kasi bigla na lang siyang mawawala. Pero hindi raw niya kami iiwan, sabi niya. Mawawala lang siya. Pag nangyari raw iyon, we just have to continue singing and performing to make other people happy. Pero we have to change our name into '*Dead Star.*' "

Parang ang weird naman yata. Teka, ano kaya ang dating pangalan ng banda nila? Tinanong ko si Zach.

"Star," sagot niya.

"Star?"

"Star kasi 'yung pangalan ng vocalist ng band namin. Siya ang nag-start ng band. We've been singing since we were in high school.

Marami na kaming hirap na pinagdaanan.”

Naalala ko yung nasa diyaryo.

“Star... Sebastian?” tanong ko, nagbabaka-sakali.

“Kilala mo siya?” gulat na tanong ni Zach. Sa reaksyon niya, mukhang tumama ako ng hula.

“Hindi. I mean oo! Nakita ko rito sa diyaryo eh!” Ipinakita ko sa kanya ang hawak ko pa ring tabloid.

“Nakalabas na pala sa news ’yung tungkol sa pagkawala niya...” Malungkot ang boses ng kausap ko. “You know what, Bianca, Star is my best friend. ’Yung moment na nawala siya, isa ko sa matitiyagang naghanap sa kanya. She is a product of a broken family. No one from her family really cares for her. Kami na lang mga kabanda niya ang nagmamalasakit sa kanya. Lalo na ako na bestfriend niya.”

Biglang kumirot ang puso ko. Kung sakaling mawawala sina Jude at Jomari, hindi ko rin kakayanin.

Nawawala si Star. Ang nakapagtataka pa, alam niyang mawawala siya. Pinapalitan niya ang pangalan ng banda nila sakaling mawala siya. Ang pagpapalit ng banda from *Star* into *Dead Star*... Patay na kaya si Star?

“Sorry,” pagdamay ko sa kalungkutan ni Zach.

Tipid na ngumiti siya at iniba niya na ang

usapan. “P’unta ka ha? I know masyado nang late ang 10 p.m., pero I’ll be waiting for you.”

“No problem. Pupunta ako,” tugon ko.

Nang mag-uwian, hindi sumabay sa amin si Zach. Ang sabi niya, may mahalaga siyang aasikasuhin. Baka magpe-prepare para sa gig nila mamaya.

“Hay, buti naman. Wala nang asungot,” nasabi ni Jomari habang naglalakad kami. Mukhang panatag na siya kasi hindi namin kasabay si Zach.

Habang naglalakad kami papunta sa sakayan ng jeep, nag-usap ang magpinsan.

“Jom, nabalitaan mo na ba?” tanong ni Jude.

“Ang alin?”

“’Yung nangyari kay Star Sebastian,” sagot ni Jude. Kilala rin pala nila si Star.

“Ah, oo. Tatlong buwan na pala siyang nawawala!”

“Ano kaya’ng nangyari? Saan na kaya siya napunta?”

“Lost and Found ba ako o pulis para sa akin ka magtanong? Syempre hindi ko rin alam. Saka bakit ngayon lang lumabas ’yung balita? Dapat ilang araw pa lang na nawawala siya, inilabas na iyon eh. Pinaabot pa ng three months.”

“Malay mo nag-try silang hanapin si Star, tapos noong hindi na talaga makita saka

naglabas ng news na ganoon nga, na nawawala siya."

Naputol ang pag-uusap ng magpinsan nang makarating kami sa sakayan. Habang nasa biyahe, nag-iisip ako. Ano nga kaya talaga ang nangyari kay Star? Wala man lang ba siyang ibang clue na iniwan bago siya mawala?

Huminto ang sinasakyan naming jeep dahil sa traffic. May sumakay na batang lalaking gusgusin at namigay ng sobre. Inilagay niya ang sobre sa kandungan ko. Kinuha ko iyon at may nakasulat ditong tatlong salita:

*Tulungan mo ako.* Nakasulat iyon sa pulang tinta.

Hindi pa ako nakapaglalagay ng barya sa sobre nang kunin na ito ng bata. Sinundan ko siya ng tingin habang bumababa siya sa jeep at tuluyan nang makalabas. Pumunta ang bata sa katapat na gusali kung saan nakahinto ang jeep na sinasakyan namin.

"*Old School...*" pagbasa ko sa pangalang nasa gusali.

# 4

**10** p.m.

Hihintayin daw ako ni Zach at umoo ako.

At para saan nga ba ang pagpayag ko? Para makita si Zach? Para marinig silang kumanta at tumugtog? O para malaman ang ilan pang detalye sa pagkawala ni Star at kung bakit nagparamdam siya sa akin?

Ganito ang mga iniisip ko nang may biglang kumatok sa pinto ko.

"Bianca," tawag nito.

"Jude?" pagtataka ko. Binuksan ko ang pinto ng kuwarto at nakita siya. "Bakit?"

"P'unta tayong *Old School*," yakag niya.

"Ha?" naitanong ko.

"In-invite ako ni Zach, eh! Ayaw namang sumama ni Jomari kaya ikaw na lang. Binigyan niya kasi ako ng dalawang ticket. May gig sila, sabi niya."

Kung ganoon nakatanggap din pala siya ng ticket. Akala ko naman ako lang ang binigyan.

*Hay naku, mahirap talagang maging assumera.*

"Ah eh… Sa totoo lang, binigyan niya rin ako ng ticket," amin ko.

Nasorpresa si Jude. "Ah talaga?"

"Binigay niya kanina. Inabot niya sa akin paglabas ko sa CR."

Alam kong dapat kong sabihin ang mga ganoong detalye kay Jude. Hindi naman kami naglilihiman.

"Kaya pala bigla siyang umalis pagkaalis mo. So, inabangan ka pala." Tapos ay sinundan niya iyon ng tanong na, "Eh di, kinilig ka naman?"

"Ha? Bakit ako kikiligin?" depensa ko.

"Eh pogi 'yun eh! At sabi niya sa akin, type ka niya." Siguradong gusto lang akong hulihin ni Jude at tingnan kung gusto ko rin ba ang kaklase niya.

"Tumigil ka nga!" saway ko para matigil ang pang-aasar niya.

"Ang haba ng hair mo, Bianking! May Jomari ka na, may Zach ka pa."

"Hindi ko sila type!" tugon ko. Period.

Ayoko talaga kapag inaasar ako at ipinapares sa kahit na sino.

Napahawak si Jude sa dibdib at nag-drama, “Ouch! Ang sakit naman! Buti wala si Jomari rito kundi masasaktan talaga iyon ’pag narinig niya ’yang sinabi mo.”

Lumabas na kami ng bahay. Doon, may tumawag kay Jude. Hinanap namin kung sino, si Jomari pala.

“Aalis kayo?” tanong niya pagkalapit niya sa amin.

“Pupunta sa *Old School*,” tugon ni Jude.

“Kasama si Bianca?”

“Eh, ayaw mo ’kong samahan, eh di si Bianca na lang,” dahilan ng katabi ko.

Tumingin si Jomari sa akin tapos ay kay Jude. Mukhang nagbabalak nang sumama ang loko.

“Magkano nga ba uli ’yung ticket doon?” tanong niya sa pinsan. Gusto pa yata niyang bumili kung sakali para lang makasama.

“May ticket na ako,” sabi ko.

“Bumili ka ng ticket?” baling sa akin ni Jomari.

“Binigay ni Zach,” sagot ko.

Walang patumpik-tumpik na nagsabi si Jomari ng, “Ah okay. Sige, sasama na ako. Jude, akin na lang ’yung isa mong ticket tutal may ticket na pala si Bianca.”

Nagulat si Jude. “Sasama ka? Kanina ayaw

mo."

"Sasama na nga ako. Ayaw mo ba akong pasamahin?"

"Pambihira ka! Porket kasama lang si Bianca! Hay naku, tara na nga!"

Habang bumibiyahe kami papunta sa *Old School*, may mga bagay na bumagabag sa akin. Paano kung makita ko roon si Star? Paano kung mayroon na namang mangyaring pagpaparamdam o pagpapahiwatig? Paano kung may mangyaring hindi ko inaasahan?

Naabala ako sa pag-iisip nang punahin ako ni Jomari, "Bianca, okay ka lang?"

"Ah oo," sagot kong tila di sigurado.

"Ang layo ng tingin mo eh."

"May iniisip lang."

"Naman kasi... Huwag mo na 'kong isipin."

"Huwag kang mag-alala, hindi naman ikaw."

Nakarinig ako ng pagtawa mula kay Jude.

Ilang sandali pa, narating na namin ang lugar. Dinig sa labas ang ingay na gawa ng kasiyahan sa loob. Sa labas, may mga nakatambay na kalalakihan. Binati ng isa si Jomari.

"Uy, Jom!" Nakipag-apiran pa ang classmate ko sa kanila.

"Naligaw yata kayo rito," sabi ni Jomari.

"Bar hopping lang," tugon ng lalaki. "Girlfriend mo?" tanong pa niyon at inginuso

ako.

"Di ko pa siya sinasagot," sagot ni Jomari habang tatawa-tawa.

"Good luck diyan, 'tol," sabi ng lalaki.

Pumasok na kami sa bar.

Sa pagpasok ko, nagtaka ako sa nakita ko sa loob. May mga upuan at mga mesa, may entablado... pero walang tao. Bakit ganoon? Kanina nadinig ko ang mga ingay at hiyawan, pati ang tugtugan at kasiyahan.

"Ano'ng nangyayari?" tanong ko sa sarili.

Nanatili akong nakatayo lang. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Lumingon ako. Wala sina Jude at Jomari sa paligid.

"Ano'ng nangyayari?" tanong ko muli.

Lumabas ako. Wala nang tao sa paligid. Wala na roon ang mga lalaking kakilala ni Jomari. Ni walang dumadaan na jeep at tahimik na tahimik ang paligid. Nalilito na ako sa nangyayari kaya bumalik ako sa loob. Sa pagpasok kong muli, nagulat ako sa nakita ko.

May babae na sa loob. Si Star! Nasa gitna siya ng stage. May hawak siyang mikropono at itinutok niya iyon sa bibig niya.

"Tulungan mo ako," sabi niya sa mikropono habang nakatingin sa akin. Kinilabutan ako sa narinig ko. Nagmamakaawa siya habang nagsasalita sa mikropono. "Madilim! Mabaho! Ayoko na rito!" sabi niya.

"N-n-nasaan ka?" tanong ko. Nanginginig

ang tinig ko, pero sa kabila noon ay nilakasan ko ang loob ko.

May naramdaman akong malamig na hangin mula sa likuran ko. Kasunod noon, may bumulong sa tainga ko, “Hindi ko alam.”

“Patay ka na ba?” tanong kong pabulong din.

“Hindi ako sigurado.”

Lumipat ng puwesto si Star. Nasa harap ko na siya ngayon. Kita ko ang maganda niyang mukha. Hindi nakakatakot ang mukha niya, di gaya ng napapanood ko sa horror movies. Wala iyong bahid ng dumi o anuman, pero nasa mukha niya ang pagmamakaawa at kalungkutan.

“Papaano kita matutulungan?” tanong ko.

“Hanapin mo ako… dahil… nawawala ako.”

Isang malamig na malamig na hangin ang dumampi sa balat ko. Unti-unting dumilim ang paligid tapos ay lumiwanag. Sa paglabas ng liwanag, nag-iba ang senaryo sa loob ng bar. Nakakita na ako ng mga tao sa paligid. Kasunod noon, may narinig akong tumatawag sa pangalan ko.

“Bianca! Bianca!”

At natauhan ako. Niyuyugyog na pala ako ni Jude. Namalayan ko na nakatayo lang ako malapit sa pinto ng bar, nakatingin sa stage at nakatulala. Naroon sa stage ang banda ni Zach, ang *Dead Star*.

"Ano ba'ng nangyari sa iyo? Kanina ka pa nakatulala mula n'ung pumasok tayo."

"Si Jomari?" tanong ko nang hindi ko siya makita sa paligid.

"Nasa labas. Nagtampo yata. Nakita mo lang daw si Zach, napatulala ka na."

Ano ba iyong nakita ko? Pangitain ba o totoo ang lahat ng iyon?

Ayoko ng ganitong pakiramdam. Parang gusto ko na lang umuwi dahil sa nangyari.

"Jude, uwi na tayo," sabi ko.

"Huh? Kararating lang natin!" Tila hindi niya nagustuhan ang sinabi ko.

"I have a bad feeling, Jude," sabi ko.

"Why, Bianca?" pag-aalala niya.

"A lost soul needs my help."

Napailing ang lalaki. "Di kita maintindihan."

"Kaya nga umuwi na tayo at ipaliliwanag ko."

Lumabas na kami sa bar. Nakita namin si Jomari na nakaupo sa bangketa.

"Jom, uwi na raw tayo," aya ni Jude. "Masama raw ang pakiramdam ni Bianca."

Tumayo si Jomari mula sa kinauupuan at sumunod sa amin. Bumiyahe na kami pauwi.

# 5

Tahimik lang si Jomari buong biyahe namin pauwi. Minasama yata niya iyong pagkatulala ko bigla kanina. Nagsalita na lang siya nang makarating na kami sa lugar namin.

Pinilit ni Jomari na pumasok na ako sa bahay namin. Hindi ko siya sinunod. Gaya ng sinabi ko kay Jude, ipaliliwanag ko kung ano ang nangyari sa akin kanina.

Inaayos ko sa isip ang mga sasabihin ko: kung paano ako magsisimula at magpapaliwanag, pero hindi ako mapakali sa nakasambakol na mukha ni Jomari kaya sinabihan ko siya, "'Yung tungkol kanina... 'yung sinasabi ni Jude na natulala ako."

Gusto kong sabihin kung ano ang nakita ko, pero parang nagbibingi-bingihan lang siya sa mga pahayag ko.

“Ah oo, natulala ka kay Zach.”

“Hindi ako natulala kay Zach,” giit ko. Kung alam lang talaga niya kung ano iyong naranasan ko kanina. Pero paano niya malalaman kung bad mood siya at ayaw akong pakinggan?

“Ah baka d’un sa kabanda ni Zach,” patuloy niya.

“Alam kong mahirap paniwalaan, pero kanina pagpasok natin sa bar, may nakita ako.”

“May nakita kang gwapo, si Zach.”

Sa puntong iyon, nainis na talaga ako at napataas na ang boses. “Puwede ba, Jomari! Pakinggan mo muna ako. Seryoso ako, okay?”

Nagulat siya. “S-s-sorry, Bianca. Di ko alam na sineseryoso mo pala ’yung ginagawa ko. Naglalambing lang naman eh,” paumanhin niya.

Ang loko-loko! Nagtatampu-tampuhan lang pala! Nakakainis! Inirapan ko siya, “Mahirap kasi sa ’yo, puro ka biro!”

Inawat kami ni Jude. “Siya, siya! Tama na nga iyang LQ ninyo!” Pinakiusapan niya ako na ituloy na ang kuwento.

Sinimulan ko na ang dapat kong sabihin.

“Si Star Sebastian. Kilala ninyo siya, di ba?

Pinag-uusapan ninyo siya, narinig ko kayo."

Napakunot-noo si Jude. "Nawawala siya, sabi sa news. Three months na. Bakit, Bianca?"

"Nakita ko siya kanina," sabi kong siguradung-sigurado. "Nakita ko siya kanina... pagpasok natin sa bar!"

"Kung ganoon, buhay pa naman pala siya. Eh di no worries na sa family niya. Dapat sinabi mo sa amin para naitimbre na natin sa pulis," sagot ni Jomari.

"Saan mo specifically nakita?" tanong ni Jude.

"Sa stage!"

"Sa stage? Eh 'yung banda lang naman ni Zach ang nandoon. Wala akong napansing babae," sabi ni Jude.

"Iyon ang mahirap... Hindi siya buhay. Hindi! Hindi ako sure! What I mean is, hindi siya tangible!" sabi kong kinakabahan. Nag-uumapaw sa akin ang halu-halong emosyon.

Napakamot sa ulo si Jude. "What? Ano'ng hindi tangible? Eh sabi mo nga nakita mo siya!"

"Visions, Jude. I think I saw visions," paliwanag ko.

"Teka, ibig sabihin ba nito... nagpaparamdam si Star? Patay na si Star?" tanong ni Jomari. Bumaling siya kay Jude, "Puwede, di ba? Nawawala siya tapos patay na talaga siya at nagpaparamdam siya kay

Bianca."

"I thought she's still alive..." mahinang pagkakasabi ni Jude, napapaisip.

Napatulala ako sa kawalan habang inaalala ang mga nangyari kanina. "Nakita ko si Star. Mag-isa lang siya sa stage. May hawak siyang microphone. Kinausap niya ako," saad ko.

"Ano'ng sinabi niya sa 'yo?" tanong ni Jude.

"Na tulungan ko siya." Tiningnan ko sina Jude at Jomari. "Kita ko sa mukha niya 'yung hirap," malungkot na sabi ko.

"Teka, bakit ikaw? Na-meet mo na ba siya before? Mayroon ba kaming hindi alam tungkol sa iyo? Naglilihim ka na ba sa amin, Bianca?" sunod-sunod na tanong ni Jomari.

Negatibo ang naging sagot ko, "Hindi kami magkakilala. Hindi ko rin alam kung bakit sa akin siya nagpapatulong."

"Bumabalik siguro yung—" palagay ni Jude. Pinutol ko ang sinasabi niya. Ayokong marinig, pero alam ko na kung ano ang ibig niyang sabihin.

"Honestly, hindi ko alam. Pero paano nga kung ganoon, di ba? Kailangan ni Star ng tulong. Tinanong ko siya kung patay na siya, sabi niya hindi niya alam. Tinanong ko kung nasaan siya. Hindi rin niya alam. Hindi niya alam kung nasaan siya. S'abi niya madilim, mabaho. S'abi niya ayaw na niya roon!"

Nagpahayag si Jomari, "Di ba, gan'un

naman kadalasan 'yung lost souls? Minsan akala nila buhay pa sila."

"Hindi ito ang unang beses na nagparamdam siya sa akin. Kahapon, kaninang hapon, saka ngayon," pagtatapat ko.

"What? May nararamdaman ka na palang kakaiba, hindi mo man lang sinasabi," reaksyon ni Jude.

"Sorry. Ayaw ko lang naman kayong mag-alala," paumanhin ko.

"Eh lalo mo kaming pinag-aalala, Bianca. Paano kung isang araw bigla ka na lang mawala? Paano kung kunin ka bigla ni Star tapos isama ka niya sa lugar kung nasaan siya ngayon?" pangamba ni Jomari.

"Jom, hindi naman mangyayari sa akin iyon."

"Hindi tayo nakasisiguro. Ayoko lang na masaktan ka. Ayaw namin ni Jude."

Alam kong nag-aalala sila sa akin. Hindi naman kasi biro 'yung ganito, 'yung may magpaparamdam sa 'yo, tapos kakausapin ka at manghihingi ng tulong. 'Yung tipong walang kasiguraduhan kung patay na iyong kausap mo o hindi pa. Paano kung hindi niya matanggap na patay na siya at manghimasok siya sa buhay ko?

"Alam ninyo, gusto kong tanungin si Zach tungkol sa pagkawala ni Star," sabi ko.

"Si Zach?" pagtataka ni Jomari.

“Bestfriend ni Zach si Star,” sagot ko.

“Mag-bestfriend sila?” gulat na tanong ni Jude. “Hindi ko alam iyon, ah!”

Ang sunod na sinabi ni Jomari ang naging dahilan ng pagdududa ko.

“Baka naman si Zach ang pumatay sa kanya?”

“Jomari, huwag ka ngang nambibintang ng ganyan,” saway ng pinsan niya.

“Sorry naman. Wala kasi akong tiwala sa mokong na iyon. Hindi porke pogi siya, hindi na siya dapat pagbintangan.”

“Sa palagay ko, hindi si Zach,” pag-aalinlangan ko.

“Paano ka nakasiguro?” tanong ni Jomari.

“Kasi nakikita ko sa kanya ’yung sincerity. Noong nawala si Star, isa siya sa mga naghanap kay Star,” sagot ko sa kanya.

“Nakita mo?” tanong muli ni Jomari.

“Sinabi niya,” sagot ko.

“Words can be deceiving, Bianca,” sabi ni Jomari.

Isang plano ang nabuo sa isip ko.

“Alam ninyo, hindi ako makakakuha ng info tungkol kay Star kung ganito lang. Dapat makausap ko si Zach.”

Kumontra si Jomari. “Kung sasabihin niya ’yung totoo! Paano kung magsisinungaling pala siya? Paano kung responsable rin siya sa pagkawala ni Star?”

"Gagawa ako ng paraan," sabad ni Jude. "Magse-set-up ako ng meeting para sa inyo."

"Meeting?" balik na tanong ko. Wala akong kumpiyansa sa gusto niyang mangyari.

"Yeah. Like ano... Like you are working on a project at kailangan mong mag-interview ng band member."

"Ang baduy mo, Jude! Wala sa hulog," opinyon ni Jomari.

"Okay, sabi ko nga baduy ako." Napakamot si Jude ng ulo.

"Kung may way sana para makapag-usap kami..." hiling ko.

Paano nga kaya kami mag-uusap? Hindi naman kami ganoon ka-close ni Zach. Ayoko ring magtanong sa kanya tungkol kay Star nang ganun-ganun na lang at baka sabihin niyang pakialamera ako. Kahit na close sila ni Jude kasi classmates sila, hindi pa rin naman siya iyong tipong manghihimasok sa buhay ng iba.

Naputol ang usapan naming tatlo nang may tumawag kay Jude. Sinagot niya iyon.

"Zach! Naku, pasensya ka na. Nasa *Old School* kami kanina, kaso sumama ang pakiramdam ni Bianca kaya nagpauwi. Yes, s'abi niya na-enjoy niya 'yung performance ninyo. Ang galing ninyo nga raw. Oo nga eh! Nakakaawa nga. Na-suffocate yata sa dami ng tao sa loob. Hindi pa naman sanay iyon

sa mga ganoon. Oo, siksikan nga. Ha? Date? Di nga? Kaya pala. Naku, walang magagalit! Si Jomari? Naku, hindi niya boyfriend iyon! Single na single si Bianca. Eh di bukas yayain mo. Ako'ng bahala! Sige. Malakas ka sa 'kin eh! Sige, ba-bye!"

Kasunod niyon ang panggagalaiti ni Jomari, "Anong single si Bianca? Alam mo bang kami na, pero hindi lang niya alam?"

Natawa ako.

"Gusto ka raw niyang maka-date sa Valentine's. Sabi ko sa 'yo, type ka noon eh." Kinindatan ako ni Jude.

Nainis si Jomari. "At bakit ikaw ang nagdedesisyon? Ano si Bianca, puppet na susunod sa 'yo?"

"Huwag ka nang kumontra, Jom. Iyon lang 'yung way para makausap niya si Zach."

"'Langya ka talaga! Gusto mo bang ipahamak si Bianca?"

"Hindi mapapahamak si Bianca. Mabait si Zach."

"Pag may nangyaring masama kay Bianca, bubugbugin kita!" pagbabanta ni Jomari sa pinsan.